**UNITED STATES DEPARTMENT OF COMMERCE**
**Economics and Statistics Administration**
**U.S. Census Bureau**
Washington, DC 20233-0001

Mahal na Religious Leader:

Mahalaga ang taong 2010 para sa iyong relihiyosong komunidad at sa bansa sa kabuuan. Isasagawa na ang susunod na U.S. Census at kinakailangan namin ang iyong tulong sa pagbibigay-alam at paghimok sa pakikilahok sa iyong komunidad. Ayon sa U.S. Constitution, isang pagbilang sa mga naninirahan sa U.S. ang census – maging citizen man o hindi. Matutukoy ng makukuhang data ang pagkakatawan sa kongreso at magagabayan ang mga pasiya sa pagpopondo para sa mahahalagang serbisyong panglipunan at mga programa ng komunidad.

Ang mga samahang relihiyoso, sa partikular, ay may malaking pakinabang kapag tumpak ang census data. Bilang pinagkakatiwalaang tinig sa iyong komunidad, natatangi ang posisyon mo upang palaganapin ang kahalagahan ng pakikilahok sa 2010 Census. Halimbawa, maaaring hindi alam ng iyong komunidad na:

- Isa sa mga pinakamaiksing form ang 2010 Census form sa kasaysayan: may 10 simpleng tanong lang ito na maaaring masagutan lahat sa loob ng 10 minuto.
- Base sa census data, namamahagi ang federal government ng mahigit sa $400 bilyon sa mga pamahalaang pang-estado, lokal at tribo. Umaasa ang mga pinuno sa census data upang gabayan ang mga pasiya sa pagpopondo sa mga bagong kalsada, paaralan, ospital at childcare at senior center.
- Umaasa ang mga nangunguna mula sa maraming relihiyosong samahan sa census data upang sumulat ng mga grant proposal at umapila para magkaroon ng karagdagang tulong at mga serbisyo.

Bilang religious leader, naglilingkod ka sa tungkulin kung saan maaari mong paalalahanan ang mga tao na malapit nang sumapit ang Census. Himukin ang mga miyembro ng iyong relihiyosong komunidad upang kumpletuhin at ibalik via mail ang kanilang form at bigyang-diin na ang pagsagot sa census ay lubos na confidential. Mahalaga ang iyong tulong upang masiguro na makuha natin ang tumpak na bilang. Inaasahan naming ibabahagi mo ang mga kalakip na materyal sa iyong relihiyosong komunidad.

- **Mga mensahe mula sa mga pinuno** – Ang mga serye ng mga mensaheng ito na tumututok sa mahalagang elemento ng 2010 Census ay naglalaan ng mga pagkakataong maturuan ang mga miyembro ng iyong relihiyosong komunidad tungkol sa mga benepisyo ng Census at himukin ang pakikilahok tungo sa Araw ng Census sa Abril 1, 2010. Bagaman maaari mo itong gamitin ayon sa iyong pangangailangan, mahalagang malaman na nararapat ang mga ito upang isama sa mga regular na patalastas.
- **Drop-in announcements** – Ang serye ng maiikling mensaheng ito ay sumasalamin sa mga tema na nakabalangkas sa mga mensahe mula sa mga pinuno. Maaaring ilathala ang mga ito sa mga publikasyon ng komunidad at mga bulletin at bilang mga post sa websites hanggang sa Araw ng Census.
- **Brochure ng relihiyosong komunidad** – Nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa census at kung papaano ito nakakaapekto sa bawat komunidad. Mangyaring ipamahagi ito sa mga miyembro, pamilya at kaibigan.
- **Bookmark** – Maaaring gamitin ito upang markahan ang pahina sa prayer books at iba pang mga publikasyon.

Makukuha ang elektronikong mga bersyon ng mga materyal na ito sa “Partner With Us” sa 2010census.gov.

Salamat sa iyong suporta sa pagtulong na maabot ang kumpleto at tumpak na bilang sa 2010. Mahalaga ang iyong pakikilahok sa ikatatagumpay ng 2010 Census.

Sumasaiyo,

Dr. Robert Groves
Director, U.S. Census Bureau

# Makakagawa tayo ng kaibahan

Bilang mga miyembro ng ating relihiyosong komunidad, naniniwala kaming kapag sama-sama, makakagawa tayo ng kakaibahan sa mga lugar na pinaninirahan, pinagtatrabahuhan at pinagsasambahan natin. Habang papalapit tayo sa Abril 2010, mayroon tayong pagkakataong kumilos sa mga paniniwalang iyon sa pamamagitan ng pagsuporta sa 2010 Census. Kung mukha man itong maliit na gawain, napakahalaga ng ating pakikilahok sa maraming programa at serbisyong ginagamit natin sa araw-araw.

## Ang 2010 Census at ang relihiyosong komunidad:





Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa 2010 Census, makipag-ugnayan sa inyong Regional Census Center or visit www.2010census.gov.

Issued December 2009 | Form D-3290 (BR-T)

United States Census 2010
NASA ATING MGA KAMAY

Inaasahan naming makikilahok ka sa amin sa pagtulong na maabot ang kumpleto at tumpak na bilang para sa ating komunidad at bansa.



Nasa mga kamay natin ang ikatatagumpay ng 2010 Census. Nakasaad sa mga sumusunod na impormasyon ang key facts tungkol sa census, kung papaano nakikinabang ang mga lokal na komunidad, at tinutugunan ang mga tanong tungkol sa pag-iingat ng personal na impormasyon. Mangyaring sumali sa paggawa ng kakaibahan sa pamamagitan ng pakikilahok sa 2010 Census.

## Isang Snapshot

**Ano:** Ang census ay isang pagbilang sa lahat ng naninirahan sa United States.

**Sino:** Lahat ng taong naninirahan sa United States ay dapat mabilang — maging mamamayan man o hindi.

**Kailan:** Dadalhin o ipapadala via mail ang mga census form sa mga sambahayan sa Marso 2010.

**Bakit:** Itinakda ng U.S. Constitution ang pambansang census na isagawa bawat 10 taon para sa pagbabahagi ng U.S. House of Representatives. Ginanagamit ng federal government ang census data upang tumulong matukoy ang pagpopondo para sa mga pamahalaang pang-estado, lokal at tribo.

**Papaano:** Dapat na kumpletuhin ng mga sambahayan ang census form pagkatanggap at ibalik via mail. Maaaring makatanggap ang mga sambahayang hindi sumagot ng kapalit na form sa unang bahagi ng Abril 2010. Dadalaw ang mga census rep sa mga sambahayang hindi nagbalik ng form upang isagawa ang pagbilang nang harapan.

## Papaano ka makakatulong

- Kumpletuhin at ibalik ang iyong 2010 Census form at hikayatin ang iba — mga pamilya, kaibigan at kapit-bahay — na gawin din ito.
- Makipagtulungan sa mga manggagawa sa census.

## Ang kahalagahan ng census data

- Bawat taon, namamahagi ang federal government ng mahigit sa $400 bilyon para sa mga pamahalaang pang-estado, lokal at tribo ayon sa census data.
- Ginagamit ng mga samahan at institusyong relihiyoso ang census data upang mag-apply for grants at matukoy ang mga lokasyon para sa mga bagong pasilidad.
- Nagiging gabay ang census data para sa mga desisyon sa pagpopondo para sa mga mahalagang pasilidad ng komunidad, gaya ng mga paaralan, ospital, childcare center at marami pang iba.
- Nakakaapekto ang census data sa inyong tinig sa Kongreso, pati na rin sa pagbabahagi sa distrito ng mga lehislatura ng estado, konseho ng county at lungsod, at mga distritong bumoboto.

## Madali, mahalaga at confidential

- Isa sa mga pinakamaikling form sa kasaysayan, may 10 simpleng katanungan lang ang 2010 census form na maaaring sagutin sa loob ng 10 minuto.
- Dapat mabilang ang lahat ng naninirahan sa nakalistang address.
- Ayon sa batas, hindi maaaring ibahagi ng U.S. Census Bureau ang personal na impormasyon ng indibidwal sa kaninuman, kabilang ang ibang mga federal at law enforcement agency.

# 2010 CENSUS: Mga Mensahe mula sa mga Pinuno

Maaaring ibahagi ang mga sumusunod na mensahe sa mga regular na patalastas ilang linggo bago ang Araw ng Census sa Abril 1, 2010, upang magbigay-kaalaman at mahikayat ang mga miyembro ng inyong relihiyosong komunidad na kumpletuhin at ibalik via mail ang kanilang 2010 Census form. Kasama rin sa packet na ito ang kaukulang drop-in announcements na parehong mada-download sa "Partner with Us" sa 2010census.gov.

## Step 1: Tungkol sa census

Sa Marso 2010, mahigit sa 130 milyong address sa kabuuan ng bansa ang makakatanggap ng 2010 Census form. Itinakda ng U.S. Constitution na magsagawa ng pambansang census bawat 10 taon para sa pagbabahagi ng U.S. House of Representatives. Dapat na mabilang ang lahat ng taong naninirahan sa U.S. Kabilang dito ang mga tao sa anumang edad, lahi, grupong etniko, citizen man o hindi. Dagdag pa rito, tuwirang nakakaapekto ang census data kung papaano ipinamamahagi ang mahigit sa $400 bilyon in federal funds bawat taon sa mga pamahalaang pang-estado, lokal at tribo. Mangyaring kumpletuhin at ibalik via mail ang iyong form at himukin ang iyong pamilya, mga kaibigan at kapitbahay na gawin din ito. Para sa karagdagang impormasyon, visit 2010census.gov.

## Step 2: Mga Pakinabang sa census

Bilang mga miyembo ng relihiyosong komunidad na ito at sa mga komunidad kung saan tayo naninirahan at nagtatrabaho, maraming nakataya sa atin hinggil sa 2010 Census. Bawat taon, namamahagi ang federal government ng mahigit sa $400 bilyon sa mga pamahalaang pang-estado, lokal at tribo base sa census data. Maaaring magamit ng ating samahan ang census data upang mag-apply ng grants at matukoy ang mga lokasyon para sa mga bagong pasilidad. Sa pagkumpleto at pagbabalik ng iyong census form, makakatulong ka ring magabayan ang mga desisyon sa pagpopondo para sa ating mga paaralan, ospital at child-care center, maging ang ating tinig sa Kongreso. Ginagamit ang mga nakolektang data upang matukoy ang mga distritong bumoboto para sa lahat ng antas ng lungsod, estado at mga pambansang nahalal na tanggapan. Makibahagi sa mahahalagang desisyon na gagawin ng mga namumuno sa pamahalaan sa susunod na 10 taon. Mangyaring kumpletuhin at ibalik via mail ang iyong form at himukin ang iyong pamilya, mga kaibigan at kapitbahay na gawin din ito. Para sa karagdagang impormasyon, visit 2010census.gov.

## Step 3: Pagkumpleto sa form

Marahil natanggap na ng karamihan sa inyo ang inyong 2010 Census form. Isa sa mga pinakamaiksing form sa kasaysayan; may 10 simpleng tanong lang na maaaring masagot lahat sa loob ng 10 minuto. Madali ito, mahalaga at ligtas, at ang iyong partisipasyon ay mahalaga. Ayon sa batas, hindi maaaring ibahagi U.S. Census Bureau ang personal na impormasyon ng indibidwal kaninuman, kabilang na ang ibang federal at law enforcement agencies. Mangyaring kumpletuhin at ibalik via mail ang iyong census form at himukin ang iyong pamilya, mga kaibigan at kapitbahay na gawin din ito. Para sa karagdagang impormasyon, visit 2010census.gov.



United States Census 2010

NASA ATING MGA KAMAY



## Step 4: Tandaan ang 2010 Census

*(Bago ang Araw ng Census, Abril 1, 2010)*

Kung hindi mo pa nakumpleto at naipadala via mail ang iyong census form, hinihikayat ka naming gawin mo na ngayon. May mahalagang epekto ang census data sa ating komunidad dahil sa maiimpluwensiyahan nito ang grant opportunites para sa ating relihiyosong komunidad at magagabayan ang mga desisyon tungkol sa kung saan magtatayo ng bagong mga kalsada, paaralan, ospital at marami pa. Bawat tao at bawat census form ay mahalaga. Tumulong upang masiguro na karapat-dapat ang ating samahan at ating komunidad para sa pagpopondo na kinakailangan nito para sa maliwanag na hinaharap. Mangyaring kumpletuhin at ibalik via mail ang iyong census form at himukin ang iyong pamilya, mga kaibigan at kapitbahay na gawin din ito. Para sa karagdagang impormasyon, visit 2010census.gov.

## Step 5: Salamat

*(Pagkaraan ng Araw ng Census, Abril 1, 2010)*

Pinasasalamatan namin ngayon ang lahat ng kumumpleto at nagbalik via mail ng kanilang 2010 Census form. Nagbibigay ng mahalagang impormasyon ang iyong sagot na magagamit upang makagawa ng mga desisyong makakaapekto sa ating lahat. Para sa mga hindi pa nakakagawa nito, hinihimok namin kayong kumpletuhin ang proseso sa linggong ito. Maaaring makatanggap ang mga sambahayang hindi tumugon ng kapalit na form sa mga unang linggo ng Abril 2010. Dadalaw sa mga sambahayan na hindi nagbalik ng mga form ang isang census rep upang magsagawa ng pagbilang nang harapan. Mangyaring makipagtulungan sa mga census rep upang masiguro ang kumpleto at tumpak na bilang na census. Para sa karagdagang impormasyon, visit 2010census.gov.

**Para sa karagdagang mga impormasyon tungkol sa 2010 Census, visit 2010census.gov.**

Issued December 2009
Form D-3290 (LM-T)

# 2010 CENSUS Drop-in announcements

Maaaring ilagay ang mga sumusunod na patalastas o announcements sa mga newsletter, bulletin at sulat sa koreo, o bilang posts sa mga website ilang linggo bago ang Araw ng Census sa Abril 1, 2010, upang maturuan at mahikayat ang miyembro ng mga relihiyosong komunidad na kumpletuhin ang kanilang census form. Kasama rin sa packet na ito ang kaukulang mensahe ng mga pinuno na parehong mada-download sa "Partner With Us" sa 2010census.gov.

## Step 1: Tungkol sa census

**Ang 2010 Census: Malapit na**

Sa pagsapit ng 2010 Census, tatanggap ng form ang bawat sambahayan. Dahil mayroong gayong epekto ang census sa ating mga komunidad kung saan lahat tayo ay naninirahan at nagtatrabaho, ang ating samahan ay nakipagtulungan sa U.S. Census Bureau upang himukin ang pakikilahok ng lahat. Ayon sa itinatakda ng U.S. Constitution, dapat na mabilang ang bawat taong naninirahan sa Estados Unidos – maging citizen man o hindi. Makatutulong ang data mula sa pambansang pagbilang na ito para matukoy ang mahahalagang desisyon sa pagpopondo at representasyon sa pamahalaan. Mangyaring kumpletuhin at ibalik via mail ang iyong form at hikayatin ang iyong pamilya, mga kaibigan at kapitbahay na gawin din ito. Para sa karagdagang impormasyon, visit 2010census.gov.

## Step 2: Mga Pakinabang sa census

**Ang 2010 Census: Ano ba'ng mapapala mo dito?**

Bilang mga miyembo ng relihiyosong komunidad na ito at komunidad kung saan tayo naninirahan at nagtatrabaho, maraming nakataya sa ating paghahanda upang makumpleto ang ating 2010 Census. Sa pakikilahok, magagawa nating mapabuti ang kalidad ng ating pamumuhay sa komunidad. Bawat taon, namamahagi ang federal government ng mahigit sa $400 bilyon para sa mga pamahalaang pang-estado, lokal at tribo ayon sa census data – pagpopondo na ginamit para sa mga bagong kalsada, paaralan, ospital at mapabuti ang mahahalagang programa ng komunidad. Ginagamit ng mga relihiyosong organisasyon gaya ng sa atin ang census data para mag-apply for grants na magpopondo sa mga programa at initiatives na mahalaga sa ating komunidad. Binibigyan din tayo ng census data ng tinig sa Kongreso dahil ginagamit ang data upang matukoy ang bilang ng kinatawan sa bawat estado sa U.S. House of Representatives. Mangyaring kumpletuhin at ibalik via mail ang iyong form at himukin ang iyong pamilya, mga kaibigan at kapitbahay na gawin din ito. Para sa karagdagang impormasyon, visit 2010census.gov.

## Step 3: Pagkumpleto sa form

**Ang 2010 Census: Confidential ang inyong mga sagot**

Maaaring natanggap mo na ang iyong 2010 Census form. Isa sa mga pinakamaiksing form sa kasaysayan, 10 simpleng tanong lang, maaaring masagot lahat sa loob ng 10 minuto. Madali ito, mahalaga at confidential, at ang iyong partisipasyon ay mahalaga. Ayon sa batas, hindi maaaring ibahagi ng U.S. Census Bureau ang personal na impormasyon ng indibidwal kaninuman, kabilang na ang ibang federal at law enforcement agencies. Mangyaring kumpletuhin at ibalik via mail ang iyong form at himukin ang iyong pamilya, mga kaibigan at kapitbahay na gawin din ito. Para sa karagdagang impormasyon, visit 2010census.gov.



United States Census 2010
NASA ATING MGA KAMAY



## Step 4: Tandaan ang 2010 Census

*(Bago ang Araw ng Census, Abril 1, 2010)*

**Ang 2010 Census: Nasa ating mga kamay**
Kung hindi mo pa nakumpleto at naipapadala via mail ang iyong census form, hinihikayat ka naming gawin mo na ito ngayon. May mahalagang epekto ang census data sa ating komunidad dahil maiimpluwensiyahan nito ang grant opportunities para sa ating relihiyosong komunidad at magagabayan pa ang mga desisyon tungkol sa kung saan magtatayo ng mga bagong kalsada, paaralan, ospital at marami pa. Bawat tao at bawat census form ay mahalaga. Tumulong upang masiguro na karapat-dapat ang ating samahan at ating komunidad para sa pagpopondong kailangan nito tungo sa maliwanag na hinaharap. Mangyaring kumpletuhin at ibalik sa pamamagitan ng koreo ang iyong census form at himukin ang iyong pamilya, mga kaibigan at kapitbahay na gawin din ito. Para sa karagdagang impormasyon, visit 2010census.gov.

## Step 5: Salamat

*(Pagkatapos ng Araw ng Census, Abril 1, 2010)*

**Ang 2010 Census: Salamat**
Nais naming pasalamatan ang lahat na kumumpleto at nagbalik via mail ng kanilang 2010 Census form. Mahalagang epekto ang naidulot mo sa komunidad na ito at ang mga desisyong makakaapekto sa ating lahat, at para dito, kami ay nagpapasalamat. Para sa kanila na hindi pa nakumpleto ang kanilang form, hindi pa huli ang lahat upang makilahok sa madali, mahalaga at ligtas na prosesong ito. Tatanggap ang mga sambahayang hindi sumagot ng kapalit na form sa mga unang linggo ng Abril 2010. Dadalaw sa mga sambahayan na hindi nagbalik ng mga form ang mga manggagawa sa Census upang magsagawa ng pagbilang nang harapan. Tandaan, nasa mga kamay natin ang ikatatagumpay ng 2010 Census. Para sa karagdagang impormasyon, visit 2010census.gov.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa 2010 Census, visit 2010census.gov.**

Issued December 2009
Form D-3290 (DIA-T)